# Ang Tinapay Ng Buhay



Lingguhang Pagkain

Issue 6



> "Naranasan ko ang maghikahos. Naranasan ko rin ang managana. Natutuhan ko nang harapin ang anumang katayuan: ang mabusog o magutom, ang kasaganaan o kasalatan."
>
> Filipos 4:12

## Ang Magandang Balita ni Haring Solomon

**"Ang lahat ng pangyayari sa daigdig ay nagaganap sa panahong itinakda ng Diyos. Ang panahon ng pagsilang at panahon ng pagkamatay; Ang panahon ng pagtatanim at panahon ng pagbunot ng tanim. Ang panahon ng pagpatay at panahon ng pagpapagaling; Ang panahon ng paggiba at panahon ng pagtatayo. Ang panahon ng pagluha at panahon ng pagtawa; Ang panahon ng pagluluksa at panahon ng pagdiriwang. Ang panahon ng pagkakalat ng mga bato at panahon ng pagtitipon sa mga ito; Ang panahon ng pagyayakap at panahon ng paglalayo. Ang panahon ng paghahanap at panahon ng pagkawala niyon; Ang panahon ng pag-iingat sa isang bagay at panahon ng pagtatapon. Ang panahon ng pagpunit at panahon ng pagtahi; ang panahon ng pagtahimik at panahon ng pagsasalita; Ang panahon ng pagmamahal at panahon ng pagkapoot; Ang panahon ng digmaan at panahon ng kapayapaan. Ano ang mapapala ng tao sa kanyang ginagawa? Alam ko na ang itinakda ng Diyos sa tao. Iniangkop Niya ang lahat ng bagay sa kapanahunan. Ang tao'y binigyan Niya ng pagnanasang alamin ang bukas ngunit hindi binigyan ng pagkaunawa sa ginawa ng Diyos mula sa pasimula hanggang sa wakas. Alam kong walang pinakamabuti sa tao kundi magpakaligaya at gumawa ng mabuti habang siya'y nabubuhay. Alam ko ring kalooban ng Diyos na ang tao'y kumain, uminom at magtamasa sa bunga ng kaniyang pagpapagal."** ***-- Mangangaral 3:1-13***

Ang sulat na ito ni Haring Solomon ay nasasaad sa Bibliya, at patungkol sa ibat-ibang aspeto ng buhay. Ito ay nagpapahayag na ang bawat nagaganap ay may kani-kaniyang panahon:

a) **<u>Panahon ng Pagsasaya</u>:** Ito ay mga araw ng pagdiriwang, pagsasaya, pagsasayaw, pagpupugay, kapayapaan, pag-ibig, tagumpay, at pagwagi sa mga balakid at suliranin. At ito ang mga panahon na ninanais ng bawat tao na malasap at madama.

b) **<u>Panahon ng Kalungkutan</u>:** Ito ay mga oras ng pagluksa, pagtangis, pagkahiwalay, kaguluhan, pagkawala, o mga araw na kinamumuhian at ayaw danasin ng sinumang tao. Ang lahat ay nais na makatakas sa ganitong pagkakataon ngunit ang katotohanan, ang mga panahong ganito ay hindi matatakasan.

k) **<u>Panahon ng Pag-subok</u>:** Ito'y hindi oras ng kalungkutan ngunit kailangan ng pananahimik at pakikipaglaban. Panahon kung saan ibayong pagsisikap ang kinakailangan. Tulad ng oras ng pagtatanim, paghahanap, pagbubuo, o pagharap sa unos at pagkasira. Panahon na dapat pag-aralan at

pangatawanan ang desisyon lakip ang ibayong pananampalataya, kalakasan mula sa Diyos at pagtitimpi sa sarili na sadyang napakahirap.

c) **<u>Panahon ng Pag-aaksaya</u>:** Ito'y panahon ng pagkakalat ng mga bato at tipunin muli, o mga araw ng pagsasayang ng oras, walang ginagawa at walang pakinabang. Mahabang oras na ginugugol sa panonood ng mga walang kabuluhang palabas sa telebisyon, babasahin, paglalasing, pagsusugal, pamamasyal at pagtatambay. O di kaya'y mga panahong ginagamit natin ang ating kakayanan at pananalapi sa walang kahulugan. Anupa't nawawala, dahil abala tayo sa pag-iipon ng mga hindi pangunahing pangangailangan katulad ng alahas, usong kasuutan at iba pang mga pag-aari na kinalauna'y paglulumaan at basta na lamang ipamimigay.

Si haring Solomon ay tapat sa kanyang mga isinulat. Inihayag niya ang higit na kahirapan at hindi magandang pagkakataon sa bawat buhay ng tao kaysa sa mga madadali at magagandang bagay. At bago ito mangusap sa mga taong nakakakilala at nananampalataya sa Diyos si haring Solomon ay kilalang may dunong, tapat at makatotohanang sumulat: ***"Alam ko na ang itinakda ng Diyos sa tao".*** Ito ay ang mga makipot na daan, pagsubok, kahirapan at kalungkutan na ating pinagdadaanan. At kahit pa lingkod ng Diyos na nasa Kanyang kalinga, pag-iingat at biyaya ay kinakailangan pa ring mapailalim sa mga ganitong pagkakataon at kung minsa'y mas mahirap kaysa madali. Kung magkagayon, ano ang makukuha natin sa ganitong buhay at ano ang kapalit ng ating pagtitiis? ***"Ano ang mapapala ng tao sa kanyang ginagawa?"*** Ang katotohanan ay masakit na marinig; mahirap maintindihan at paniwalaan ang sinasabi ng Bibliya: **"Makikilala ninyo ang katotohanan at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo." (Juan 8: 32)**

Ang lahat ng nilikha, mga bagay at pangyayari ay pina-iiral ng Diyos, at itinakda na mangyari at isiwalat sa tamang panahon. Sa kalagitnaan ng kabanata ay hinamon ni haring Solomon ang karamihan sa mga katotohanang ito:

**1)** ***<u>Iniangkop ng Diyos ang mga bagay sa kapanahunan</u>:*** Maaaring ang pag-galing mo mula sa sakit o karamdaman, ang pagka-ahon sa kahirapan, mga bagay na nagbibigay kabusugan, naising magkaanak, paggawa ng bahay, pagpapanumbalik ng relasyon, pag-aani ng sakahan o pagsasakatuparan ng gawain ay mga panahong malayo at napakatagal mong hinihintay. Ito ay mahirap ngunit pakatandaan: Ang Diyos ay makatarungan sa Kanyang iniakdang panahon. Siya ay may sariling kapanahunan sa bawat plano, kabutihan at gantimpala sa tao. **"Sapagkat may lalong mabuting panukala ang Diyos para sa atin- ang tayo'y makasama nila kapag tinupad na Niya ang Kanyang pangako." (Hebreo 11: 40)**

**2)** ***<u>Ang tao'y binigyan ng Diyos ng pagnanasang malaman ang bukas</u>*:** Ang Diyos ay nagkakaloob hindi lamang ng mga materyal na bagay na nasisira kundi higit sa lahat ang buhay na walang hanggan. Ang Diyos lamang sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagkamatay at pagkabuhay ni Hesus ang nagkakaloob ng buhay na walang hanggan sa sangkatauhan. Ito ang siyang magbibigay pag-asa, kapayapaan, at masaganang bukas sa tao; ang kahalagahan ng buhay at pananampalataya: Ang tunay na kaligtasan ang siyang mag-aalis sa atin sa mga kaguluhan at pag-iisip sa kahirapan na binanggit. At habang nadarama natin ang buhay na puno ng biyaya't, katotohanan, **"Alam nating sa lahat ng bagay ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa Kanya, ang mga tinawag ayon sa kanyang panukala sa kanilang ikabubuti." (Roma 8:28)**

**3)** ***<u>Walang makaunawa sa gawa ng Diyos</u>:*** Sinong makauunawa kung ano ang mga gawa ng Diyos sa pasimula at hanggang sa wakas? Nilikha ng Diyos ang langit at lupa at ipinagkaloob sa tao ang lahat ng bagay at kapangyarihan na pamahalaan ang Kanyang linikha. Ngunit ang tao'y nagkasala at nalayo sa Dakilang Manlilikha. Gayon ma'y ipinakita ng Diyos ang tunay na pag-ibig. Inihandog Niya ang Kanyang bugtong na anak na si Hesu-Kristo at namatay sa krus para sa sanlibutan. Tinubos tayo sa kasalan at ibinigay ang walang hanggang buhay sa sinumang sumampalataya sa Kanya. Si Hesu-Kristo ay nagpakasakit para sa atin; tinuya, niluraan sa mukha, hinampas, ipinako sa krus at Siya'y namatay upang tayo'y maligtas sa kaparusan ng ating mga kasalanan, at tamasahin ang buhay. Ito'y magandang balita ngunit iilan lamang ang tumanggap at nanampalataya. Walang higit na makabubuti sa tao kundi damhin ang kasiyahan ng kaligtasan at ibahagi ang magandang balita upang ang lahat ay kumain at uminon sa handog ng Diyos at ang lahat ay mabusog.

***Mga minamahal:*** Ito ang oras upang kalimutan mo ang lahat ng pagpapapagal sa buhay. Pagpapapagal na ayon kay haring Solomon ay walang kabuluhan. Ilaan mo ang nalalabing oras para tamasahin ang ipagkaloob ng Diyos sa iyong puso; ang pag-asang magkaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pananalig kay Hesu-Kristo. Ihayag mo ang iyong pananampalataya sa panalangin na ito: ***"Ama sa Langit, ako po'y lumalapit sa tanging pangalan ni Hesus. Ako po ay humihiling ng kapatawaran sa aking mga kasalanan at bigyan ng kapanatagan sa aking pag-hihirap. Buong puso po akong nananampalataya kay Hesus na Siyang nagligtas sa akin sa kasalanan, karamdaman, paghihirap at kamatayan; at makapag-bibigay sa akin ng buhay na walang hanggang. Banal na Espritu, Ikaw ay manahan sa aking puso upang sa akin ay dumaloy ang kagalakan, kaluguran, kasaganaan, pag-ibig, at kapayapaan."*** **Amen.**